

Mga Benepisyo ng Pamumuhay sa Lisensyadong Bahay Panretiro



ALAM MO BA



Ang mga residente lamang ng mga bahay panretiro na lisensyado ng Awtoridad sa Regulasyon ng mga Bahay Panretiro ay protektado sa ilalim ng Batas ng mga Bahay Panretiro [Retirement Homes Act].

Ang **Awtoridad sa Regulasyon ng mga Bahay Panretiro** (RHRA) ay isang hindi pangkalakal na organisasyon na inatasan ng Pamahalaan ng Ontario na pangasiwaan ang Batas ng mga Bahay Panretiro. Ang misyon ng RHRA ay makipagtulungan upang protektahan ang mga residente ng bahay panretiro ng Ontario sa pamamagitan ng epektibong tamang pangangasiwa ng regulasyon. Ang aming pananaw ay mamuhay ang mga nakatatanda nang may dignidad, may mapagpipilian at kumpiyansa sa mga lisensyadong bahay panretiro.

Anumang bahay panretiro na lisensyado ng RHRA ay dapat matugunan ang matataas na pamantayan at sumunod sa batas.

KARAGDAGANG SUPORTA

Nag-aalok din ang RHRA sa mga residente ng mga mapagkukunan upang matulungan silang umunlad sa pamumuhay sa pagreretiro, kabilang ang gabay sa pagsisimula ng konseho ng mga residente at ang pagkakataong sumali sa Resident Network ng RHRA upang magbigay ng opinyon sa mga bagay na direktang nakakaapekto sa kanila.

Narito ang RHRA upang tumulong. Isang tawag lang kami sa telepono o email kung kailangan mo kami o may mga tanong:

📞 1-855-ASK-RHRA

✉️ info@rhra.ca

Kapag ang mga residente ay pumili ng isang lisensyadong bahay panretiro, sila ay nakikinabang mula sa mandato ng proteksyon ng residente ng RHRA. Kabilang dito ang:

- ✓ Pagbibigay ng mga lisensya lamang sa mga bahay na nakakatugon sa mga legal na pamantayan at kinakailangan upang patakbuhan nang ligtas at matagumpay.
- ✓ Pagtugon sa mga reklamo at gumawa ng aksyon upang malutas ang mga alalahanin ng residente o pamilya.
- ✓ Paggawa ng agarang aksyon sa mga kaso ng pinsala o panganib ng pinsala sa mga residente.
- ✓ Pag-inspeksyon sa mga bahay at pakikipagtulungan sa kanila upang matugunan ang anumang mga isyu o mga alalahanin.
- ✓ Pagbibigay ng mga mapagkukunan, mga programa at edukasyon upang matulungan ang mga tahanan na aktibong sumunod sa batas upang makinabang ang mga residente.
- ✓ Pagtitiyak na ang mga karapatan ng mga residente ay iginagalang ayon sa Panukalang-batas ng mga Karapatan ng mga Residente [Residents' Bill of Rights] ng RHRA.
- ✓ Pagbibigay ng pinansiyal na tulong sa ilang mga partikular na sitwasyong pang-emerhensiya mula sa Pondong Pang-emerhensiya ng RHRA.



Benefits of Living in a Licensed Retirement Home

DID YOU KNOW



Only residents of retirement homes licensed by the Retirement Homes Regulatory Authority are protected under the Retirement Homes Act.

The **Retirement Homes Regulatory Authority (RHRA)** is a not-for-profit organization mandated by the Ontario Government to administer the Retirement Homes Act. RHRA's mission is to work collaboratively to protect Ontario retirement home residents through effective right-touch regulation. Our vision is to have seniors live with dignity, choice and confidence in licensed retirement homes.

Any retirement home licensed by RHRA must meet high standards and comply with the law.

When residents choose a licensed retirement home, they are benefitting from RHRA's resident protection mandate. This includes:

- ✓ Granting licences only to homes that meet the legal standards and requirements to operate safely and successfully.
- ✓ Responding to complaints and taking action to resolve resident or family concerns.
- ✓ Taking immediate action in cases of harm or risk of harm to residents.
- ✓ Inspecting homes and working with them to address any issues or concerns.
- ✓ Providing resources, programs and education to help homes proactively comply with the law to benefit residents.
- ✓ Making sure that the rights of residents are respected according to RHRA's Residents' Bill of Rights.
- ✓ Providing financial assistance in certain emergency situations from RHRA's Emergency Fund.

ADDITIONAL SUPPORT

RHRA also offers residents resources to help them thrive in retirement living, including guidance on starting a residents' council and the opportunity to join RHRA's Resident Network to provide input on matters that impact them directly.

RHRA is here to help. We are just a phone call or email away if ever you need us or have questions: